


1

MTB-MLE

Quarter 1 - Module 28: Pakikilahok nang Mabuti sa Kuwentong Binasa sa Pamamagitan ng Pagkokomento at Pagtatanong



Mother Tongue - Grade 1
Alternative Delivery Mode

Unang Markahan - Module 28: Pakikilahok nang mabuti sa kuwentong binasa sa pamamagitan ngpagkokomento at pagtatanong
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Development Team of the Module

Manunulat: Olive L. Benitez, Melfreden C. Almazan, Kimberly V. Bagunu

Editor: Mercy Acupido-Pablo, Mark – Jhon R. Prestoza
Leodigaria Laud- Reyno, Jun-Jun R. Ramos
Maricor G. Lopez, Evelyn A. Saladino

Tagasuri : Maria Geraldine G. Lastra- Bermudez

Tagalapat: Paolo Jericoh T. Baquiran

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
James D. Pamittan
Romel B. Costales
Rodrigo V. Pascua
Mariatess B. Baquiran
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez
Maria Geraldine G. Lastra- Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500

Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728

E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

MTB-MLE

Quarter 1 - Module 28:
Pakikilahok nang Mabuti sa
Kuwentong Binasa sa
Pamamagitan ng Pagkokomento
at Pagtatanong

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta?

Ako'y nagagalak at natapos mo ang modyul sa ikaapat na linggo ng ating asignatura. Ngayon ay pag-uusapan natin ang iyong paboritong pagkain. Inaasahang makikinig ka rin ng kuwento at makikilahok sa pamamagitan ng pagkokomento at pagtatanong. Ikaw ay bibigyan ng panahon upang masagot at maisagawa nang tama ang mga gawain.

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Maibibigay ang tamang pagkakasunod- sunod ng mga pangyayari.
- Masasagot nang wasto ang mga tanong ukol sa kuwentong napakinggan o binasa.
- Makapagbibigay ng komento ukol sa binasa o napakinggang kuwento.
- Matutukoy ang wastong pagkaing nakabubuti sa ating kalusugan.





Subukin

Ano ang paborito mong pagkain? Kumakain ka ba sa tamang oras?

Gawain 1

Ituro ang larawan ng mga pagkain na nakabubuti sa kalusugan ng mga bata.





Balikan

Sang-ayon ka ba na ang madalas na paghuhugas ng kamay ay nakakaiwas sa pagkahawa ng Coronavirus o COVID? Bakit?



Tuklasin

Ano kaya ang naramdaman ni Betina nang hindi niya mahanap sa loob ng bahay ang kanyang lola? Pakinggan ang kuwento na babasahin para sa iyo.

BILAO NI BETINA

Bibingka...! Putobumbong...! Bibingka...!
Putobumbong...! malakas na sigaw ni Betina tuwing umaga habang hawak ng dalawang kamay ang bilao na nasa kanyang ulo. Mahalaga ang bilaong ito sa kanyang buhay. Ito ang naging katuwang ni Lola Belen sa pagpapalaki sakanya.

Matanda na si Lola Belen at may karamdaman kaya hindi siya nakapagtitinda. Ulila na si Betina. Silang dalawa na lamang ang magkasama sa bahay. Isang umaga, nagulat si Betina. Nawawala ang bilao niya. Wala din si Lola Belen sa kanyang highaan.

Nagpalakad-lakad si Betina sa kanilang baryo. Nakita niya si Lola Belen. Sunong-sunong ang bilao. Nilapitan niya ito at kanyang niyakap. Sabay na silang nagtinda.



Suriin

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat sa sagutang papel o kwaderno.

1. Tungkol saan ang napakinggan ninyong kwento?
2. Naranasan mo na rin ba ang naranasan ni Betina sa kuwentong binasa o napakinggan?
3. Anong mabuting ugali ang natutuhan mo sa binasa?
4. Bakit kailangang magtinda ni Betina sa kanyang murang edad?
5. Ano sa palagay mo ang naramdaman ni Betina ng hindi nya makita si Lola sa loob ng bahay?



Pagyamanin

Gawain 1

Sagutin ang mga tanong sa kwaderno.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino ang kasama ni Betina sa bahay?
3. Saan nangyari ang kuwento?
4. Bakit si lola ang kasama ni Betina sa bahay?
5. Paano ipinakita ni Betina ang pagmamahal niya sa kanyang lola?




Gawain 2

Sumulat ng mga katanungan tungkol sa mga salita. Gawin ito sa sagutang papel o kwaderno.

1. Betina
2. Lola Belen
3. higaan
4. niyakap
5. nagtitinda

Gawain 3

Ano ang masasabi ninyo sa mga pagkaing nasa ibaba? Isulat ang sagot sa kwaderno o sagutang papel.





Isaisip

Ang pagbibigay ng komento ay isang paraan ng pagpapahayag ng pag-unawa sa binasa o napakinggan.

Ang pagtatanong ay isa ring paraan para mapalawak ang kaisipan at pag-unawa sa binabasa.



Isagawa

Basahin ang bawat tanong sa ibaba. Isulat sa kuwaderno o sagutang papel ang letra na nagsasabi nang wasto o tamang sagot.

1. Ang lahat ng nabanggit ay hindi mabuti sa kalusugan, maliban sa isa. Ano ito?
 - a. hamburger
 - b. hotdog
 - c. gulay
 - d. softdrinks

2. Saang bahagi ng bahay iniluluto ang pagkain para sa mag- anak?
 - a. kusina
 - b. kuwarto
 - c. hardin
 - d. sala

3. Bakit kailangang gumising nang maaga araw-araw?
 - a. makapaglaro
 - b. makakain nang marami
 - c. makatulong sa gawaing-bahay
 - d. maunahan ang kapatid sa paggamit ng cellphone

4. Paano mo mapananatiling malusog ang iyongkatawan?
 - a. Kumain ng matatamis
 - b. Uminom ng 3-in 1 juices
 - c. Kumain ng gulay at prutas
 - d. Kumain ng French fries at burger

5. Gumuhit ng isang pagkaing nakabubuti sa iyong kalusugan. Sumulat ng isang katanungan tungkol dito.



Tayahin

Gawain 1

Magbigay ng komento tungkol sa kuwentong narinig sa pamamagitan ng paglalagay ng / kung totoong nangyari sa kuwento at x kung hindi. Isulat ang sagot sa kwaderno o sagutang papel.

1. Nagtitinda si Betina ng bibingka at puto- bumbong.
2. Sa bilao niya ito inilalagay.
3. Ang lola ni Betina ang nagpalaki sa kanya.
4. Si Betina ay tamad na bata.
5. Ang pagtitinda ay marangal na gawain at hindi dapat ikahiya.

Gawain 2

Sumulat ng dalawang tanong o komento tungkol sa kuwentong “Bilao ni Betina”. Gawin ito sa iyong sagutang papel o kwaderno.



Karagdagang Gawain

Gawain 1

Gumuhit sa kuwaderno ng isang bilao sa loob nito ay gumuhit ng mga dapat kainin ng isang bata upang maging malusog.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

Gawain 1

Tanggapin ang angkop na sagot

Balikan – tanggapin ang angkop na sagot

Sutin – tanggapin ang angkop na sagot

Pagymamanin

Gawain 1

1. Ang Biao ni Betina
2. Si Lolo Betina
3. Sa Banyo
4. Dohi ulit na si Betina
5. Sa pamamagitan ng pagtulong sa pagtitiinda

Gawain 2 – tanggapin ang angkop na sagot

Gawain 3 – tanggapin ang angkop na sagot

Isagawa

1. c
2. a
3. c
4. c
5. Tanggapin ang angkop na sagot

Tayarin

Gawain 1

- 1/
- 2/
- 3/
- 4/x
- 5/

Gawain 2- Tanggapin ang angkop na sagot

Mga Sanggunian

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

MOTHER TONGUE BASED 1 Learner's Material Written by Nida C. Santos and Agnes G. Rolle Mrs. Minerva David and Grace U. Salvatus

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.Irqad@deped.gov.ph * blr.Irpd@deped.gov.ph